# Tree planting sa Bicol Natural Park





Ang mga lumahok sa tree planting activities; at ang pagbisita sa Mother Tree sa Brgy. Tuaca, Basud sa pangunguna ni Gob. Egay Tallado at kanyang maybahay na si Josie kasama si Bise Gob. Jonah Pimentel, ilang bokal ng Sangguniang Panlalawigan at kawani ng pamahalaang panlalawigan.




Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

**Bantayog**

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 1, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE SETYEMBRE 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Camarines Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com




Gob. Edgardo A. Tallado

**nasa loob**


EDITORYAL 4

FAMILY DAY 5


Bilang bahagi ng mga itinakdang gawain para sa isang buwang pagdiriwang dito ng ika-110 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil sa lalawigan, isinagawa ang pagtatanim ng mga punong kahoy sa *Bicol Natural Park*, Brgy. Tuaca, Basud, Camarines Norte noong Setyembre 29, 2010.

Mula sa harapan ng Kapitolyo Probinsyal, lulan ng *service bus* ng *Mabini Colleges*, mga trak, pampasaherong dyip at bus, sasakyan ng pamahalaang panlalawigan at iba pang ahensya ng pamahalaang nasyonal, ang mga sumama sa pagtatanim ay pinangunahan ni Gobernador Edgardo A. Tallado.

Nakiisa rin sa pagtatanim ng mga punungkahoy sina *Regional Executive Director (RED)* Joselyn Marcus Fragada at *RTD* Felix Mendoza ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR), Region 5, Legaspi City*.

Maagang umalis ang grupo patungo sa nasabing barangay dala ang kani-kanilang kasangkapan sa pagtatanim. Lumahok din dito ang mga opisyales at kawani ng iba't ibang ahensya ng pamahalaang nasyonal tulad ng *DENR, Department of Agrarian Reform (DAR), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), Bureau of Fire Protection (BFP), Bureau of Agricultural Statistics (BAS), Parole and Probation Office (PPO), Department of Public Works and Highways-Bureau of Equipment (DPWH-BE), Department of Education (DepEd), Commission on Audit (COA), Bureau of Jail Management and Penology (BJMP), Philippine National Police (PNP), Philippine Army (PA), Army Reservist c/o* Ret. Col. Serafin Raymundo, *Bureau of Internal Revenue (BIR), Civil Service Commission (CSC) Daet Field Office, Philippine Postal Corporation (PHILPOST), National Commission on Indigenous Peoples*

(Sundan sa pahina 7)

# 110th anibersaryo ng Serbisyo Sibil ipinagdiwang

## sinimulan sa pamamagitan ng pakikiisa sa *nationwide simultaneous flag raising ceremony*

Ang pakikiisa ng pamahalaang panlalawigan sa simultaneous flag-raising ceremony kaugnay ng selebrasyon sa Buwan ng Serbisyo Sibil dito sa lalawigan na pinangunahan nina Gob. Egay Tallado at CSC CN FO Dir. Elizabeth Mateo.



Magkatuwang na itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at ng *Civil Service Commission Provincial Field Office* ang iba't-ibang gawain sa pagdiriwang dito ng ika-110 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas na nakatuon sa pambansang tema na: *"In a R.A.C.E. to Serve: Advancing **R**esponsive, **A**ccessible, **C**ourteous and **E**ffective Public Service"*. Sinimulan dito ang 1-buwang selebrasyon sa pamamagitan ng pakikiisa sa *nationwide simultaneous flag-raising ceremony* noong Setyembre 8 sa ganap na ika-8 n.u. na isinagawa sa *Provincial Capitol Grounds*. Pinangunahan dito nina Gob. Edgardo A. Tallado, at Bise Gob. Pimentel ang pagtataas ng Pambansang Watawat, *Provincial at Municipal Colors*, ayon sa pagkakasunod.

Una rito, pinapanood sa mga dumalo ang *video message* ni Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III para sa anibersaryo ng Serbisyo Sibil ngayong taon na na *-download* mula sa *CSC*

(Sundan sa pahina 7)

# CSC Updates on Anti-Red Tape Act (ARTA) and Unionism

Ang lahat na mga bagong kawani ng pamahalaang panlalawigan gayundin ang mga empleyadong nagbibigay ng *frontline services* ay dumalo sa *CSC Updates on Anti-Red Tape Act (ARTA) and Unionism* na ginanap noong Setyembre 21, 2010 sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd floor annex, Provincial Capitol, Daet*. Ito ay susog sa Memorandum Blg. 100826-03 na una nang ipinalabas ni Gob. Edgardo A. Tallado na bahagi pa rin sa selebrasyon dito ng ika-110 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas na may temang: *"In a R.A.C.E. to Serve: Advancing **R**esponsive, **A**ccessible, **C**ourteous and **E**ffective Public Service"*.

Isinagawa ang naturang aktibidad sa layuning maipaalam sa mga kinauukulang kawani ang kanilang mga responsibilidad at pananagutan bilang mga lingkod-bayan susog sa itinatakda ng *Republic Act No. 9485* (6 dating *Senate Bill No. 2589 at House Bill No. 3776)* na ipinasa ng *Thirteenth Congress* noong Pebrero 2, 2007 na may titulong: "*An Act to Improve Efficiency in the Delivery of Government Service to the Public by Reducing Bureaucratic Red Tape Preventing Graft and Corruption, and Providing Penalties Therefore"* at mas lalong kilala bilang *"Anti-Red Tape Act of 2007.*

Ang ARTA ay isinabatas upang masugpo ang laganap na *bureaucratic red tape*, mapigil ang korapsyon at makapagbigay ng mahusay na serbisyo-publiko ang lahat ng sangay ng pamahalaan. Layunin nito na maisulong ang integridad, *accountability*, *proper management of public affairs* at *public property* gayundin ang paglulunsad ng *effective practices* para mapigil ang paglaganap ng *graft and corruption* sa lahat ng sangay at tanggapan ng pamahalaan. Hinggil dito, dapat panatilihin ng Estado ang katapatan at responsibilidad sa pagitan ng mga opisyal at empleyado ng pamahalaan, at magsagawa ng mga inisyatibo para maisulong ang *transparency* sa bawa't ahensya nito patungkol sa uri ng transaksyon nito sa publiko. Unang-una na rito ang programa para sa pagpapatupad ng simpleng proseso para mabawasan ang *red tape* at mapabilis ang transaksyon ng pamahalaan.

Sa ilalim ng Seksyon 6 ng *ARTA*, ang lahat na ahensya ng pamahalaan kasama na ang mga kagawaran, kawanihan, opisina, instrumentaliti, ó korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan, ó pamahalaang lokal ó yunit pandistrito na bumuo ng kanilang *service standards* na tatawaging *Citizen's Charter* na nasa pormang *information billboards* na ilalagay sa pinakabukana *(main entrance)* ng mga opisina ó sa pinakamataong lugar, at maaaring nasa pormang *published materials* na nasa wikang Ingles, *Filipino* ó sa lokal na diyalekto.

Ang R.*A. 9485* ay binuo susog sa itinatakda ng Artikulo II, Seksyon 27 ng Konstitusyon na nagsasaad na tungkulin ng Estado na panatilihin ang katapatan at integridad sa serbisyo publiko at gumawa ng mga pamamaraan kontra *graft and corruption*. ***LT IBASCO***

# 8 PGSP grantees na cum laude pinarangalan sa Recognition Rites for PGSP Grantees and Distribution of PGSP Tuition Fee Reimbursements and Allowances

Itinaguyod ng Tanggapan ng Gobernador ang *Recognition Rites for PGSP Achievers and Distribution of Tuition Fee Reimbursements to PGSP Grantees* noong Setyembre 1, 2010 sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd floor annex, Provincial Capitol, Daet*. Ito ay sa pamamagitan ng *Community Affairs Office* na pinamumunuan ni *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas na siya ring *PGSP Programme Officer*.

Naging pinakatampok na bahagi nito ang testimonya tungkol sa hirap na pinagdaanan sa buhay ng tatlong (3) iskolar ng *PGSP* na Matagumpay na nakapagtapos sa kanilang pag-aaral bilang mga *cum laude* at ngayon ay may kani-kaniya nang matatag na hanap-buhay na nagbigay-inspirasyon sa mga kasalukuyang iskolar para magsikap at pagbutihin din ang kanilang pag-aaral. Ito ay sina Chiande P. Salvador na nagtapos ngayong 2010 ng kursong *BS in Secondary Education* mula sa *Camarines Norte State College (CNSC)*; at sina Mark Jonas M. Carreon at John Jefferson Velasco mula sa *Mabini Colleges (MC)* na nagtapos noong 2005 ng kursong *BS in Accountancy*, at *BS in Secondary Education*, ayon sa pagkakasunod.

Ibinahagi ni Salvador na mahirap lang ang kanilang pamilya at bilang panganay, tumulong siya sa kanyang ina sa pagtitinda gayundin sa mga gawaing-bahay kaalinsabay ng kanyang pag-aaral. Mahirap siya ngunit nagsipag at nagtiyaga sa hangaring magtagumpay at makatulong sa kanyang pamilya. Siya ay nagtratrabaho ngayon bilang guro sa *CNSC Laboratory High School*.

Si Carreon na isa nang *certified public accountant (CPA)* at nagtuturo sa *MC* ay nagsabing walang mahirap sa taong may pangarap at nagsisikap para umasenso ang buhay. Sinabi niya na dahil sa problemang-pinansyal, pinagsabay niya ang pag-aaral at pagtatrabaho bilang *student assistant* para matustusan ang kanyang mga gastusin sa kolehiyo. Mahirap aniya ngunit nagsikap siya para sa kanyang pamilya, at sa hangaring matupad ang kanyang pangarap na maging *CPA* na nagawa niya naman.

Ipinahayag naman ni Velasco na inaani na niya ang bunga ng kanyang sakripisyo sapagkat isa na rin siya sa mga guro ng *MC*. Malayo ito sa dating trabaho niya bilang kasambahay noong panahong nasa kolehiyo pa siya na naglalaba ng damit, nagluluto at naglilinis para sa ibang tao. Tiniis niya ang hirap makatapos lamang ng kolehiyo sapagka't alam niya na ang edukasyon ang tanging kayamanan na hindi mananakaw ninuman. Taglay rin niya ang determinasyon na

*(Sundan sa pahina 6)*



***Ang pamamahagi ng pamahalaang panlalawigan ng mga tseke sa mga Provincial Government Scholarship grantees na pinangunahan ni Gob. Egay A. Tallado katuwang ang sangguniang panlalawigan sa pamumuno ni Bise Gob. Jonah Pimentel. Nanumpa rin ang samahan ng mga PGSP grantees sa gobernador at nagbigay rin ng certificate of commendation sa mga nagtapos na scholars na nagpamalas ng kanilang talino at galing sa kanilang pag-aaral. Isa rito si Chiande Salvador na naging Cum Laude ng CNSC at ngayon ay isa nang matagumpay na guro.***

# Jerez ng OPAg, Most Outstanding Provincial Govt. Employee;
## 7 finalists sa 2010 Search for Most Outstanding Provl. Govt. Employee kinilala rin



Tinanghal na *Most Outstanding Employee 2010* si Melinda L. Jerez ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* sa *Search for the Provincial Government's Most Outstanding Employee for 2010* na isinagawa kaugnay pa rin ng 1-buwang selebrasyon dito ng ika-110 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas na may temang: *"In a R.A.C.E. to Serve: Advancing* ***R****esponsive,* ***A****ccessible,* ***C****ourteous and* ***E****ffective Public Service"*.


Ang naturang gawad-pagkilala at kaukulang premyo at sertipiko ay tinanggap ni Jerez sa programang idinaos sa *Camarines Norte Sports, Cultural and Arts Center (CNSCAC)* noong Oktubre 6, 2010 bilang pagtatapos dito sa pagdiriwang ng Buwan ng Serbisyo Sibil.

Kasama niyang tumanggap ng parangal sa nasabing *Search* ang mga *finalists* mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan na kinabibilangan nina Engr. Oscar V. Albos ng *Provincial Assessor's Office (PAssO)*; Maricel G. Basquiñas ng *General Services Office (GSO)*; Edgar A. Estanislao ng *Office of the Provincial Agriculturist-Fisheries Development Division (OPAg-FDD)*; Nida N. Tosoc ng *Provincial Planning and Dev't. Office (PPDO)*; Reynaldo N. Pajarillo ng *Provincial Custodial and Security Services Division (PCSSD)*; Ronaldo U. Diezmo, *DVM* ng *Provincial Veterinary Office (PROVET),* at Salvador T. Presbitero ng *Provincial Budget Office (PBO)*.

Ang mga pinarangalan ngayong taon ay sumailalim sa masusing ebalwasyon ng *Search Committee for Most Outstanding Employee* na pinamunuan ng *chairman* nito na si *Dir. II* Elizabeth B. Mateo ng *Civil Service Commission Camarines Norte Field Office (CSC CNFO)*. Kabilang din sa mga hurado sina *Schools Division Superintendent* Arnulfo M. Balane ng *Department of Education Division Office* at si Gng. Josie B. Tallado, butihing maybahay ni Goberndor Edgardo A. Tallado.

Bilang karagdagan, ang mga pamantayan na ginamit ng *Search Committee* sa pagpili ng ma nanalo ay ang mga susunod: *Attitude toward clients and co-employees – 15%; Attendance from Sept. 1, 2009-August 31, 2010 (Rule XVII of EO 292 – Government Office Hours) – 20%; Work Performance (PES with at least Very Satisfactory rating for the last 2*

*(Sundan sa pahina 6)*



Engr. Oscar V. Albos



Edgar A. Estanislao



Reynaldo N. Pajarillo



Nida N. Tosoc



Ronaldo U. Diezmo



Salvador T. Plesbitero



Maricel G. Basquiñas

# Advocacy campaign on HLSFE isinagawa sa 110th CSC Anniversary

Ang malusog na pangangatawan at isipan ng mga opisyal at kawani ng mga sangay at tanggapan ng pamahalaan ay mahalaga para sa kanilang maayos, epektibo at produktibong pagganap sa kani-kanilang mga tungkulin maliban sa iba pang aspeto. Pinaniniwalaan din ito ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Edgardo A. Tallado kung kaya't ang *Health Information Campaign and Healthy Lifestyle Activity* ay iniatas niyang isagawa bilang bahagi ng selebrasyon dito ng ika-110 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ngayong Setyembre 2010.

Ang naturang aktibidad na pinangasiwaan ng *Provincial Health Office (PHO)* ay binubuo ng *Symposium on Healthy Lifestyle at the Workplace*, at ang *Advocacy Campaign and Updates on Healthy Lifestyle and Smoke-Free Environment (HLSFE)* na ginanap sa *Audio-Visual Production Center (AVPC)* kamakailan.

Tinalakay sa naturang *symposium* ang: *overview on healthy workplace*, at *National Healthy Lifestyle Program (NHLP)*; *"HL to the Max" Campaign, causes and risk factors of non-communicable diseases (NCDs); M-POWER, Smoke Free Environment; Stress Management; PIG test,* at; *How to Control your Emotions.* Nagkaroon din dito ng *open forum* kung saan ang mga dumalo ay nakapagtanong sa mga kinauukulang kawani ng *PHO*.

Ang mga nabanggit na paksa ay itinampok din sa 2-araw na *Advocacy Campaign and HLSFE* gayundin ang pagtalakay sa *How Healthy Are You?-Risk Assessment; Promoting Proper Nutrition, and Physical Activity* gayundin ang *DOH-Hataw/ Qi-Gong Exercise*.

Ang *NHLP* ay ipinatupad ng *Department of Health (DOH)* sa layuning mapababa ang bilang ng insidente ng mga *lifestyle diseases (LDs)* partikular na ang *cardiovascular diseases*, *cancers*, *diabetes* at *chronic obstructive pulmonary diseases*.

Para sa karaniwang pag-unawa, ang *healthy lifestyle (HL)* ay ipinakakahulugan bilang paraan ng pamumuhay na nagsusulong at nagpuprotekta sa kalusugan at pangkalahatang kagalingan ng tao. Susog dito, ang mensahe ng *HL* ay itinuon sa 7 pangunahing gawaing pangkalusugan (healthy practices): 1) *NO SMOKING* (Huwag Manigarilyo); 2) *DON'T DRINK* (Iwas-Alak); 3) *NO TO ILLEGAL DRUGS* (Talo ka sa Droga); 4) EAT *LOW FAT, LOW SALT, HIGH FIBER DIET* (Wastong Pagkain); 5) *PREVENT HYPERTENSION* (Bantay-Presyon); 6) *DO PHYSICAL ACTIVITY* (Katawang Aktibo), at; 7) *MANAGE STRESS* (Bawas *Stress*).

Tinalakay rin sa *symposium* ang paksa ukol sa *M-POWER* na inisyatibo ng *World Health Organization (WHO)* bilang suporta ng *DOH, PHO* at ng pamahalaang panlalawigan sa naturang programa. Ang akronim na **M-POWER** ay tumutukoy sa ***M*** *-* ***M****onitor tobacco use;* ***P*** *-* ***P****rotect people from tobacco use;* ***O*** *-* ***O****ffer help to quit tobacco use;* ***W*** *-* ***W****arn against the dangers of tobacco,* ***E*** *-* ***E****nforce bans on tobacco advertising,* at; ***R*** *-* ***R****aise taxes on tobacco.* ***LT IBASCO***






# EDITORYAL

## "Kung bibigyan ang tao ng isda pagkain niya'y pang-isang araw, subali't kung tuturuang mangisda, pagkain niya'y habambuhay."

Ang edukasyon ay yaman ng isang tao na kailanman ay hindi mananakaw ninuman. Isang katutohanan *(axiom)* na kapag binigyan mo ang tao ng isda, pinakain mo lang siya ng isang araw. Subali't kung tuturuan mo siyang mangisda, katumbas ito ng pagpapakain mo sa kanya nang habambuhay.

Nagmula sa pamilyang salat sa kayamanan sa malayong barangay ng Labo, at sa pamamagitan ng pagtitiis, sikap at tiyaga, nakapagtapos si Gob. Egay Tallado sa pag-aaral na naging daan para siya'y umasenso at marating ang kinalalagyan niya ngayon. Ito ang nagbunsod sa kanya upang mas pahalagahan ang edukasyon at pagtuunan ito ng ibayong pansin sa kanyang panunungkulan sa paniniwalang ito ay may pangmatagalang epekto at pinakamabisang paraan upang maiahon niya ang kanyang mga kababayan mula sa kahirapan.

Dobleng dami ngayon ang mga iskolar na nakikinabang sa *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)*, at ibayong doble pa nito ang magiging bilang nila sa susunod na taon.

Totoong hindi si Gob. Egay ang nagsimula ng *scholarship program* ng pamahalaang panlalawigan. Subali't ang pagbibigay-prayoridad niya sa programang ito ay higit pa kaysa sa mga nauna nang namahala sa lalawigan.

Isa sa mga hakbanging ginawa ni Gob. Egay sa kanyang pag-upo pa lamang sa kapitolyo ay ang maglaan ng mas malaking pondo sa *scholarship program*. Simula sa dating P2.5M, ginawa niya ito kaagad na P5M kung saan ang nabenepisyuhan ay 500 mag-aaral. At sa susunod na taong 2011, ito ay magiging sampung (P10M) milyon.

Adhikain ni Gob. Tallado na bawa,t mahihirap na pamilya rito sa Camarines Norte ay magkaroon ng isang nagtapos sa kolehiyo, upang magsilbing tuntungan para sa kanilang pag-asenso.

Kaya't isang paalala natin sa mga iskolar ng lalawigan: ***"Ang ambisyong pag-asenso sa pamamagitan ng pagtatapos sa pag-aaral ang tiyak na landas para matamo ito"***. Gawin ninyong huwaran ang ating gobernador, at tiyak makakamit din ninyo ang hinahangad ninyong tagumpay.

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/ design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# SP e-XHIBIT and Paperless Session



*Nagbibigay ng kanyang mensahe si Bise Gob. Jonah Pimentel sa programang isinagawa para sa paglulunsad ng paperless session na daan para makatipid sa paggamit ng papel sa mga sesyon ng Sangguniang Panlalawigan sa hinaharap. Ginugupit nina Bise Gob. Jonah Pimentel, CSC FO PD Elizabeth Mateo at Gob. Egay Tallado ang ribbon bilang pagbubukas ng e-Xhibit ng Sangguniang Panlalawigan kung saan makikita rito ang ilan sa mga accomplishments at activities ng SP.*

Kasabay sa pagsisimula rito ng pagdiriwang ng ika-110 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas sa Lunes, Setyembre 6, inilunsad ng Sangguniang Panlalawigan (SP) sa ganap na ika-9 n.u. ang *e-XHIBIT and Paperless Session* nito bilang pakikiisa sa naturang pambansang aktibidad.

Ito ay kasunod ng pagka-aproba kamakailan ng SP sa Resolusyon Blg. 253-2010, at Panlalawigang Ordinansa Blg. 38-2010 – *"An Ordinance Declaring Paperless Session of the Sangguniang Panlalawigan of the Province of Camarines Norte"* na si Bise Gobernador Jonah G. Pimentel mismo ang may-akda.

Ang programa kaugnay nito ay nagsimula sa pamamagitan ng *opening remarks* ni *SP Secretary* Reby Jardin-Cuaño. Nagbigay rin ng kanilang mensahe sina *Provincial Director* Robin M. Mercado ng *Department of the Interior and Local Government (DILG); Director II* Elizabeth B. Mateo ng *CSC Camarines Norte Field Office.* Ang pinakatampok dito ay ang mensahe nina Gobernador Edgardo A. Tallado, at Bise Gob. Pimentel.

Ito ay sinundan ng pormal na pagbubukas ng sesyon ng Sanggunian *(call to order of session)*, at ang paglulunsad ng *SP e-XHIBIT* na isinagawa pagkatapos ng *recess.*

Samantala, sa ilalim ng *Paperless Session* na iniakda ni Bise Gob. Pimentel, ang *transparency* at *accountability* sa mga aksyon/pagkilos ng SP ay maisusulong dahil ang mga miyembro ng *media* ay mabibigyan ng lubos at walang limitasyong pagbukas/pagkuha *(access)* sa lahat ng dokumento ng SP gaya ng, ngunit hindi limitado sa, kopya ng *agenda, minutes, committee reports, annual* at *supplemental budgets, individual performances* ng Bise Gobernador at mga miyembro ng Sanggunian. Ang mga nasabing dokumento ay maaari ring mabuksan ng sinumang tao na may *internet connection* gamit ang *social networking* at *web sites* na inilunsad kaalinsabay ng *paperless session.*

Ang *SP Secretariat* ay magtatago ng *digital*, at *hard copies* ng mga nabanggit na dokumento na magiging reperensiya ó sanggunian nito sa hinaharap. Bibigyan ng mga kopya nito ang mga *media outfits* maliban na lamang sa mga dokumentong idineklarang kompidensiyal dahil sa usaping panseguridad ng publiko at *law enforcement issues*. Maglalagay rin ng *multimedia projector* tuwing may sesyon upang makita ng mga dumalo ang mga isyung tinatalakay at pinag-uusapan.

Samantala, ang Bise Gobernador at mga miyembro ng SP ay bibigyan naman ng *digital copy* ng lahat na dokumento kaugnay sa sesyon ng SP tulad ng, ngunit hindi limitado sa, *agenda, minutes, committee reports, resolutions, ordinances* at iba pa. Ito ay sa pamamagitan ng *electronic mail (e-mail)* ó *data storage devices* tulad ng *optical disc, flash drive,* at mga kahalintulad nito.

Sa ilalim ng *paperless session*, makatitipid na, magiging maka-kalikasan pa ang gobyerno dahil hindi na gagamit pa ng papel sa paggawa ng mga dokumento. Mababawasan din ang pagputol sa mga punungkahoy na pangunahing materyal sa produksyon ng papel. Makatutulong din ito para maging maiwas ang opisina ng SP dahil mababawasan na ang bilang ng kopya ng mga dokumento na kailangan nilang itago/isalansan.

Dahil dito, buo ang suportang ibinibigay ni Gob. Tallado sa naturang inisyatibo ni Bise Gob. Pimentel na ayon sa kanya ay maka-kalikasan at umaagapay sa modernong teknolohiya na daan tungo sa mas mabilis at sistematikong daloy ng transaksyon sa mga tanggapan ng pamahalaan. ***LT IBASCO***

# Gob. Tallado, Bise Gob. Pimentel at iba pang opisyal dumalo sa Family Day; parlor games, iba pa isinagawa

Katulad ng nakagawian na tuwing anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas, ang *Provincial Capitol Family Day* ay isinagawa ngayong taon sa pangunguna ni Gobernador Edgardo A. Tallado kasama ang kanyang butihing maybahay na si Gng. Josie Tallado. Ito ay ginanap sa *Pineapple Island Resort* sa Brgy. Calasgasan, Daet noong Setyembre 27, 2010.

Nakiisa rin sa okasyon sina Exec. Asst. IV Joey G. Boma, Bise Gobernador Jonah G. Pimentel, mga bokal ng Sangguniang Panlalawigan na sina Gerry G. Quiñones, Joeffrey B. Pandi, Teresita DL. Malubay, Mark Julius D. Litana, Ruth F. Herrera, PCL President Ricky Manarang, Erwin Lausin, Edgar Dasco, Pol Gache at Ligaya Lo-Pedron. Dumalo rin dito sina Director II Elizabeth B. Mateo ng *Civil Service Commission (CSC) Camarines Norte Field Office*; at G. Jose F. Segundo dating bokal ng Sangguniang Panlalawigan (SP).

Sa loob ng 1-araw, nakapag-relaks at nag-*enjoy* ang mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan na malayo sa kanilang pang-araw-araw na buhay-empleyado. Sila ay sumali sa iba't-ibang *parlor games*, *contests*, at *team-building activities* na isinagawa. Nakapaglaro na, nanalo pa sila ng mga kaukulang premyo. Sa pamamagitan ng mga nabanggit, nalinang ang *sense of sportsmanship* gayundin ang maayos na relasyon sa pagitan ng mga miyembro ng *Provincial Capitol Family*.

*Game* na *game* din na nakilahok sa mga kawani si Gob. Tallado na nagpaunlak ng awitin. Naghanda rin ng kani-kaniyang espesyal na bilang/presentasyon ang mga tanggapan ng pamahalaang panlalawigan kung saan sila ay tumanggap ng premyo mula sa personal na pondo ng gobernador. Sinagot din ni Gob. Tallado ang litson at inumin na ipinamahagi sa lahat ng nakiisa sa *Provincial Capitol Family Day*.

Makulimlim man ang panahon, hindi naawat ang karamihan na magbabad sa *swimming pool* at magpabalik-balik sa *slides* na na tila mga bata na naghihiyawan pa tuwing bumabagsak sa tubig.

Samantala, matagumpay na nairaos ang naturang 1-araw na aktibidad sa pamamagitan ng mga tagapamuno ng *Committee on Family Day* na sina *Provincial Planning and Dev't. Coordinator* Madonna A. Abular; *Provincial Social Welfare and Dev't. Officer* Lorna C. de Claro, at *Provincial Assessor* Annabel Defeo.

**LT IBASCO**








*Ang iba't-ibang mga eksena sa isinagawang family day ng pamahalaang panlalawigan kaugnay pa rin ng selebrasyon ng CSC month dito na ginanap sa Pineapple Island Resort. Ito ay aktibong nilahukan ng mga hepe at kawani mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan. Nakisayaw si Gob. Tallado sa Sangguniang Panlalawigan staff at nagpakitang gilas naman sa pagkanta ang mga taga GSO. Pinangunahan naman ni SP Sec. Reby Jardin-Cuaño ang presentation ng SP. Samantala, ang nasa mga larawan ay ilan pang mga parlor games na isinagawa tulad ng sack race at tug-of-war. Nakiisa at buong puso ring sumuporta sa naturang family day ng kapitolyo ang maybahay ng gobernador na si Josie Tallado. Makikita rito na siya at ang gobernador ay kausap nina Arch Madonna Abular at Asst. PAssO. Ding Tuazon.*

# Mga paligsahan isinagawa sa sentenaryo ng kapanganakan ni 'Bintao', mga nanalo inihayag

Ang pagdiriwang dito ng sentenaryo ng kapanganakan ni Wenceslao 'Bintao' Q. Vinzons ay tinampukan ng mga patimpalak na pawang nakatuon sa temang: *"Wenceslao Q. Vinzons: Exponent of Transformative Leadership"*.

Sa *charcoal painting contest* na isinagawa noong Setyembre 22, 2010, ang unang puwesto ay nakuha ni Edward M. Eboña ng *Labo Science and Technology High School (LSTHS)* na ang *coach* ay si Elizabeth T. Paquita. Ang ikalawa at ikatlong puwesto naman ay naiuwi nina Ma.

*(Sundan sa pahina 6)*

*Nagbibigay ng kanyang mensahe si Museum Curator Abel C. Icatlo kaugnay ng Oratorical Contest na isinagawa para sa selebrasyon ng sentenaryo ng pagka-martir ni Wenceslao Q. Vinzons, Sr. na nilahukan ng mag-aaral mula sa iba't-ibang paaralan dito sa lalawigan.*






# Bloodletting activity sinuportahan ng mga kawani ng pamahalaan

Sa taun-taong selebrasyon ng anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas, hindi lamang ang dedikasyon at sipag sa trabaho ng mga opisyal at kawani ng pamahalaan ang binibigyang-diin kundi maging ang kanilang pagiging matulungin sa kapwa. Ipinakikita at ipinadarama nila ito sa pamamagitan ng paglahok sa *bloodletting activity* kung saan boluntaryo silang nagbibigay ng kanilang dugo para gamiting pantawid-buhay sa mga indibidwal na nangangailangan nito lalo na ang mga may *leukemia, hemophilia, anemia*, sasailalim sa operasyon, naaksidente, at iba pang pasyente.

Katulad ng dati, sinuportahan ng mga kawani mula sa iba't-ibang pampamahalaang tanggapan ang *Bloodletting Activity* ngayong taon na ginanap noong Setyembre 16 sa *Camarines Norte Sports, Cultural and Arts Center (CNSCAC)*. Nagalay rito ng kanilang dugo ang mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan at mga pambansang ahensya sa lalawigan.

Ito ay magkatuwang na pinangasiwaan ng mga *medical staff* at *volunteers* ng *Provincial Health Office-Camarines Norte Provincial Hospital (PHO-CNPH)*, at ng *Philippine National Red Cross (PNRC), Camarines Norte Chapter* na pinamumunuan nina *Provincial Health Officer* Arnulfo G. Salagoste, at *PNRC Chapter Administrator* Antonio España, ayon sa pagkakasunod. Maliban dito, ang grupo rin ay nagbigay ng libreng *blood sugar level testing*, at pagkuha sa *blood pressure level* ng mga kawani at opisyal mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaan.

Muli ring hinikayat ang lahat na magbigay ng dugo sapagkat hindi ito mapanganib sa kalusugan, at ang proseso sa pagkuha ng dugo ay tumatagal lamang ng humigit-kumulang sa 25 minuto.

Sa katunayan, mas bubuti pa ang kalagayang pangkalusugan ng taong nagbigay nito. Ang *bone marrow* ng taong nagbigay ay sumisigla sapagkat nakapagpo-prodyus ng bago at aktibong selyula na daan upang magtrabaho nang mas epektibo ang bahagi ng katawan na gumagawa ng dugo. Nagkakaroon din sila ng personal na *health check* dahil bago isagawa ang proseso, inaalam muna ang tipo ng kanilang dugo *(blood type)*, *hemoglobin count* at presyon ng dugo. Mas gumaganda rin ang pakiramdam at pagtingin sa sarili ng mga taong nagbigay ng dugo sapagka't alam nilang makapagliligtas sila ng buhay ng kanilang kapamilya, kapuso, kaibigan ó sinumang agarang nangangailangan nito. ***LT IBASCO.***

# 8 PGSP grantees ...

(Mula sa pahina 2)

magtagumpay sa bawa't hamon ng buhay.

Una rito, nagkaroon muna ng programa kung saan nagbigay ng *welcome remarks* si *CAO IV* Briñas; at *opening remarks* mula kay Teresita DL. Malubay na tagapamuno ng *SP Committee on Education*. Sa mensahe ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel, ipinahayag niya na sinusuportahan niya ang *PGSP* at lahat ng programa at proyekto ni Gob. Tallado na nakatutulong sa lahat ng mamamayan.

Pinangunahan naman ni Gob. Tallado ang paggawad ng *certificates of commendation* sa mga katangi-tanging iskolar ng *PGSP* na sina Salvador, Carreon at Velasco *gayundin ang* pitong (7) iskolar ng *PGSP* na nagtapos sa *CNSC* ngayong taon bilang mga *cum laude* na sina Ailyn C. Caballero, Jane Antonette G. Colinares at Angielyn A. Cubillas na kumuha ng kursong *Bachelor of Secondary Education-Major in English*; Michelle B. Rodriguez-*Bachelor of Elementary Education*, at William E. Adolfo, Lourisse T. Almadrones at Jay L. Odi-*Bachelor of Science in Accountancy*. Nakatuwang niya rito sina Bise Gob. Pimentel. Bokal Malubay, Bokal Godfrey A. Parale, *Exec. Asst. IV/ OIC PA* Jose G. Boma, *CAO IV* Briñas, at ilang opisyal ng pamahalaang panlalawigan.

Sinundan ito ng pagpresenta ni Bokal Malubay ng *SP Resolution Acknowledging the PGSP Achievers*, at testimonya ng mga iskolar na sina Salvador, Carreon at Velasco, na nabanggit sa unahan. Pinangasiwaan din ni Gob. Tallado ang panunumpa sa tungkulin ng mga opisyal ng *Association of PGSP Grantees (APGSPG)* sa pangunguna ng pangulo nito na si Michelle Ann Sison na nasa ika-limang taon na sa kursong *BS in Accountancy* sa *CNSC*.

Samantala, sa mensahe ni Gob. Tallado, ibinahagi niya ang kanyang sariling pagsusumikap, na mula sa malayang barangay ng Labo at sa isang mahirap na pamilya, nagawa niyang labanan ang kahirapan sa pamamagitan ng sipag at tiyaga sa pag-aaral kung saan "*ang batang nangarap noon na maiangat ang sarili sa kabila ng kahirapan, ay nakatayo sa kanilang harapan ngayon bilang kanilang gobernador*," aniya. Ipinabatid din nito na dinagdagan niya ang pondo ng *PGSP* upang mas maraming kabataan ang makapagtapos ng kolehiyo, at magkaroon ng maayos na kinabukasan sa hinaharap. Hinikayat din niya ang mga iskolar na gawing huwaran sa kanilang pag-aaral ang mga *PGSP scholars* na nagtapos bilang mga *cum laude* para sila rin ay makapagtapos bilang mga *cum laude*, ó di kaya ay bilang *magna cum laude* ó *summa cum laude*.

Kasama ang mga kinauukulang opisyal ng pamahalaang panlalawigan, pinangunahan din ni Gob. Tallado ang pamamahagi ng tseke ng *tuition fee reimbursement* at *allowances* sa mga kwalipikadong iskolar.

Bilang karagdagan, ang *APGSPG* ay nabuo sa ilalim ng pamamahala ni G. Renato T. Pancho, *MAEd, SFU unit head*. Layunin nito na mahubog ang maayos na ugnayan sa pagitan ng mga iskolar ng *PGSP* at maging bahagi sila sa pagsusulong ng mga inisyatibo ng *PGSP*, at iba pang programa at proyektong pang-edukasyon ng pamahalaang panlalawigan. ***LT IBASCO***

# Mga paligsahan isinagawa...

(Mula sa pahina 5)

Angela T. Sabularse ng *St. Francis Parochial School (SFPS)*, at Jeric B. Sayno ng *La Consolacion College of Daet (LCCD)* na ang *coach* ay sina Jeferson Velasco at Edwin B. Oro. Mahusay nilang naiguhit ang mukha ni 'Bintao' hango sa lumang larawan nito.

Nanguna naman si Irine E. Andaya ng *Microsystems Institute of Technology (MIT)* sa *essay writing contest* noong Setyembre 27 kung saan pumangalawa at pumangatlo sina Angelique P. Latigay at Salvador S. Lo Jr. ng *Mabini Colleges* at *LCCD*, ayon sa pagkakasunod.

Ang unang puwesto sa oratorical *contest* ay napanalunan ni Gaylene Pagsisihan ng *Abaño Pilot High School (APHS)* habang ang ikalawa at ikatlong puwesto ay naiuwi nina Maria Eon Divina G. Peñafiel at Nicole O. Zenarosa ng *LCCD* at *Vinzons Pilot High School (VPHS)*, ayon sa pagkakasunod.

Tinanggap ng mga nanalo ang kanilang kaukulang premyo at sertipiko sa programang isinagawa sa *Provincial Capitol Lobby* noong Setyembre 28, 2010, ang ika-100 taong anibersaryo ó sentenaryo ng kapanganakan ni 'Bintao'. Ang lahat ng mga kalahok ay pinagkalooban ng katibayan ng paglahok, at komendasyon naman sa mga tagapagsanay. Ang mga miyembro naman ng lupon ng inampalan ay binigyan ng katibayan ng pagkilala at simpleng alaala *(token)*.

Ang naturang mga patimpalak ay nakapaloob sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2010-25 na una nang ipinalabas ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado para sa pagdiriwang dito ng sentenaryo ng kapanganakan ni 'Bintao', bayani at martir, na Pinangunahan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pangangasiwa ng Sangay ng Museo, Sinupan at Panulukan.

Samantala, ang kapangakan ni 'Bintao' tuwing Setyembre 28 ng bawa't taon ay isang *public non-working holiday* sa buong lalawigan susog sa Republic Act 6720 na ipinasa ng *Philippine Congress* noong 1989. ***AIDA B. PANDEAGUA/LT IBASCO***

# Jerez ng OPAg...

(Mula sa pahina 3)

*rating periods) – 30%*, at *Contribution to the society as well as to the organization where he/she works – 35%* na may kabuuang 100%.

Matatandaan na una nang ipinalabas ni Gob. Edgardo A. Tallado ang Memorandum Blg. 100826-01 kaugnay sa naturang *Search for the Provincial Government's Most Outstanding Employee for 2010* kung saan nakasaad na ang pasyá ng *Search Committee* ay *FINAL* at *UNAPPEALABLE*.

Samantala, itinaguyod ng administrayon ni Gob. Tallado ang naturang patimpalak sa layuning mabigyan ng angkop na pagkilala at parangal ang mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan na nakapagbigay ng katangi-tanging serbisyo-publiko - mabilis, magalang, mahusay, epektibo. Layunin din nito na maipakilala sila sa publiko, at magsilbing huwaran at inspirasyon sila sa lahat ng lingkodbayan upang maghatid ng serbisyong agarang tumutugon *(responsive)* sa pangangailangan ng publiko; abot-kamay *(accessible)*; magalang *(courteous)*, at epektibo *(effective)*. ***LT IBASCO***

# 110th anibersaryo ng Serbisyo Sibil...

*(Mula sa pahina 1)*

*website* na *www.csc.gov.ph.* Sinundan ito ng pagbibigay ng mensahe sa okasyon nina Bise Gob. Jonah G. Pimentel, Gobernador Tallado at *Director II* Elizabeth B. Mateo ng *Civil Service Commission (CSC) Daet Field Office.*

Idinaos naman ang misang pasasalamat sa *Camarines Norte Sports, Cultural and Arts Center (CNSCAC)* ganap na ika-5 ng hapon. Pagkatapos nito, pinangunahan naman ni Gob. Tallado ang *ceremonial torch lighting* na nagsilbing hudyat sa pagsisimula ng *torch parade* na nilahukan ng mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan, mga pamahalaang lokal, at pambansang ahensya at tanggapan sa lalawigan.

Una rito, ipinalabas ni Gobernador Edgardo 'Egay' A. Tallado ang Atas Tagapagpaganap Blg. 2010-27 na nagtatakda sa mga sumusunod na gawain kaugnay sa 1-buwang selebrasyon dito ng ika-110 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil: Setyembre 2 – *Opening of Inter-Agency Sports Fest Competition*; Set. 2-27 – *Inter-Agency Sports Fest*; Set. 6 – *Video Message of President Benigno Simeon C. Aquino III (7 a.m..), Nationwide Simultaneous Flag Raising Ceremony (8:00 a.m.), Thanksgiving Mass (5:00 p.m.)*, at *Torch Parade*; Set. 14-15 – *Health Information Campaign/ Healthy Lifestyle Activity*; Set. 16 – *Forum on Public Sector Unionism*; Set. 17 – *Bloodletting Activity*; Set. 22 – *CSC Updates on Anti-Red Tape Act*; Set. 27 – *Family Day (Provincial Government's Officials and Employees),* Sept. 29 – *Tree Planting Activity* at; Set. 30 – *Closing* at *Awarding Ceremony*.

Nakapaloob din dito ang komposisyon ng mga komitiba kung saan naging tagapamuno ng Komitibang Tagapagpaganap nito si Gob. Tallado, at si Bise Gob. Jonah G. Pimentel bilang katuwang na tagapamuno kasama si *Director II* Elizabeth B. Mateo ng *Civil Service Field Office (CSC FO)* dito gayundin ang lahat na miyembro ng Sangguniang Panlalawigan (SP), pinuno ng mga kagawaran, at lahat na tanggapan ng pamahalaan na una nang nabanggit. Naging pangkalahatang tagapagpaganap dito sina Atty. Sim O. Mata Jr., *CSC Dir.* Mateo, *CSC FO Supervising Specialist* Catherine C. Pielago, *Executive Asst. IV/ OIC Provincial Administrator* Joey G. Boma, Francia C. Pajares, at Lina B. Toledana.

Samantala, sa ilalim ng *CSC Memorandum Circular No. 14, s. 2010* ini-aatas na ang anibersaryo ng Serbisyo Sibil ay suportahan at itaguyod ng lahat ng sangay ng pamahalaan. Tinukoy rin dito na ang tema ng selebrasyon ay naka-angkora sa panawagan ni Pangulong Aquino para sa reporma na- ***kung walang corrupt, walang mahirap*** **-** at sa pangako nito na pagpapatupad ng mga pagbabago sa pamahalaan.

Ang tema ngayong taon ay humihikayat sa mga lingkod-bayan sa buong bansa na tumugon sa panawagan para sa pagbabago sa pamamagitan ng pakikiisa sa *CSC* sa pagbibigay ng serbisyong tumutugon *(**R**esponsive)* sa pangangailangan ng publiko, abot-kamay *(**A**ccessible)*, magalang *(**C**ourteous)* at epektibo *(**E**ffective)* o mas kilala sa *acronym* na *R.A.C.E.*

***LORENA T. IBASCO***

# Tree planting sa Bicol...

*(Mula sa pahina 1)*

*(NCIP), Development Bank of the Philippines (DBP)*, at iba pa.

Nakiisa rin sa nasabing gawain ang mga kawani ng *Camarines Norte Water District (CNWD), Camarines Norte Electric Cooperative (CANORECO)*, mga mag-aaral sa *Camarines Norte State College (CNSC)*, mga opisyales at kawani ng iba't-ibang opisina ng Pamahalaang Panlalawigan, Pamahalaang Bayan ng Basud at San Vicente, mga opisyales at naninirahan sa Brgy. Tuaca at Brgy. Pulantuna. Naroroon din ang mga miyembro ng media tulad ng *NBN Channel 4, ABS-CBN, DWCN* Radyo ng Bayan, *UNTV, Smart*, at iba pa.

Sumama rin sa pagtatanim ang mga grupong panrelihiyon tulad ng *Church of Christ of the Latter Day Saints*, Ang Dating Daan gayundin ang iba pang samahan tulad ng *Movement for Peace, Prosperity and Progress* ng *Camarines Norte School of Law (CNSL)*, Sarong Banggi, *Scout Royal Brotherhood, Tres Locos Clan*, Kabalikat, mga *wildlife enforcement officers (WEOs)*, at marami pang iba.

Ang naturang gawain ay matagumpay na naisagawa sa pagtutulungan ng tanggapan dito ng *DENR* at ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division* ng *Office of the Governor (GO-EERMD).* Tinatayang aabot sa 10,000 *seedlings* ng *White Lauan* at *Mahogany* ang naitanim sa nasabing lugar na may lawak na humigit-kumulang sa 3 ektarya.

Ang nasabing gawain ay bahagi pa rin ng pagdiriwang dito sa ika-110 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ngayong taon na may temang: *"In a R.A.C.E. to Serve: Advancing Responsive, Accessible, Courteous and Effective Public Service".* ***(GCB)***

# Sentenaryo ng kapanganakan...

*(Mula sa pahina 8)*

nador Jonah G. Pimentel. Kinilala at binigyang-pugay nila ang katalinuhan, kadakilaan, at kabayanihan ni 'Bintao'.

Dumalo rin sa okasyon ang anak ni 'Bintao' na si Ranavalona 'Rannie' Vinzons-Gaite. na nagbahagi ng mahahalagang tala sa buhay ng kanyang ama, isang bayani at martir. Malinaw at mahusay niyang nailarawan sa publiko ang imahe ni 'Bintao' bilang isang anak, asawa, ama, at lider-pulitiko.

Sinundan ito ng paggawad ng mga parangal at papremyo sa mga nanalo sa *essay-writing, charcoal painting* at *oratorical contests* na una nang isinagawa na pawang nakatuon sa tema ng okasyon ngayong taon.

Pinangunahan din ni Rannie Vinzons-Gaite ang pag-aalay ng mga bulaklak sa paanan ng monumento ni 'Bintao' kasama sina Gob. Tallado, Bise Gob. Pimentel, *CSC Director II* Elizabeth B. Mateo, OIC PA Joey G. Boma, ilang bokal ng Sangguniang Panlalawigan, mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan, pambansang ahensya at pribadong sektor sa lalawigan.

Si 'Bintao' na ipinanganak noong Setyembre 28, 2010 sa Indan (ngayon ay Vinzons) ay nagpakita ng pambihirang katalinuhan sa murang edad. Nagtapos siya ng elementary at hayskul bilang balediktoryan.

Noong 1927, nag-aral si Vinzons sa Pamantasan ng Pilipinas kung saan naging mahusay siyang lider-estudyante. Nagpakita siya ng kahusayan sa *forensics* at pagtatalumpati.

Sa kanyang *junior years,* pinamatnugutan niya ang *Philippine Collegian.* Kabilang din siya sa mga nagtatag ng *College Editor's Guild* at naging unang pangulo nito. Nang maging pangulo siya ng *UP Student Council,* pinamunuan niya ang mga demonstrasyon laban sa nakahihiyang *"Festin Rider"*, isang pagtatangka ng lehislatura na itaas ang kanilang sariling suweldo.

Itinatag niya ang *Young Philippines Party* pagka-gradweyt. Kasama sina Arturo Tolentino, Teodoro Kalaw, Lorenzo Sumulong, Carmen Planas at Avelina Lorenzana, itinaguyod niya ang walang humpay na kampanya tungo sa isang malinis na pamahalaan at awtonomiya.

Noong Hulyo 10, 1934, nanalo siya sa isang puwesto sa *Constitutional Convention* at naging pinakabatang lumagda sa Konstitusyon. Sa Kumbensyon, ipinanukala niya ang pagbibigay ng kalayaang pang-akademiko sa *State University* at inintrodyus ang probisyon sa paggamit/ pagkupkop ng pambansang wika (Tagalog) ng Pilipinas. Tinutulan din niya ang mga hakbangin sa pagbibigay ng malawak na kapangyarihan sa punong ehekutibo ng bansa.

Sa halalang pampanguluhan noong 1935, kumilos siya laban kay Pangulong Manuel L. Quezon. Dahil sa maaanghang niyang kritisismo sa administrasyon, sinampahan siya ng kasong libelo at sedisyon matapos ang eleksyon. Ang *Cavite Court of First Instance* ay sinentensyahan siyang mabilanggo nguni't pinawalang-sala naman siya ng *Court of Appeals.*

Sa edad na 30 taon, nahalal siyang gobernador ng Camarines Norte. Matapos ito, napili siyang *"Outstanding Young Man in Philippine Politics"* dahil sa kanyang malayang kaisipan, positibong pamamaraan sa pagtugon sa mga suliraning pambansa, katapangan at matatag na paninindigan.

Nang magsimula ang giyera, pinamunuan niya ang gerilyang grupo sa Rehiyong Bikol sa paglaban sa mga pwersang Hapones. Nang matalo ang Pilipinas, tumanggi siyang sumuko, tumakas at nagtago sa kabundukan para ituloy ang kanyang pakikipaglaban.

Kasunod nito, mahigpit si Vinzons na tinugis ng *Japanese Imperial Forces* sa rehiyon na sinuyod ang kabundukan ng Camarines Norte kung saan nahuli siya sa Batong Bakal, sa bayan ng Labo. Dahil sa pagtanggi na magpasakop sa mga kaaway ó isuko ang kanyang armas, siya ay misteryosong nawala at pinaniwalaang pinatay ng mga Hapones. Napatay rin ang kanyang asawa, ama, kapatid at dalawang (2) anak.

***"Despite his anonymous death, he did not die in vain. For he died a great man. When is a man great? "A man is great, if he lives after he dies". – Campus Journal*** (Sa kabila ng kanyang misteryosong pagkamatay, hindi siya namatay nang walang kabuluhan. Kailan nagiging dakila ang isang tao? "Ang tao ay dakila, kung siya ay mananatiling buhay pagkatapos pumanaw"). ***LT IBASCO***

# Mga pamahalaang...

*(Mula sa pahina 8)*

Lorenzo Ruiz; Joseph Stanley G. Alegre-San Vicente; Dominador G. Mendoza-Sta. Elena; Ronnie Magana-Talisay, at; Agnes D. Ang-Vinzons.

Taus-pusong pinasalamatan ng gobernador ang 12 punong bayan na nakiisa sa parada sapagka't bibihirang mangyari na lahat sila ay dumalo sa iisang okasyon kasama ang kani-kanilang mga opisyal at kawani.

Ikinatuwa rin nina Bise Gob. Pimentel at Dir. Mateo ang naging aktibong partisipasyon nila gayundin ang paglahok dito ng iba't-ibang sangay ng mga pamahalaang nasyonal, korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan, pamantasan at kolehiyong pang-estado, at iba pang ahensya at mga tanggapan ng pamahalaan sa lalawigan.

Samantala, hiniling na muli ng gobernador ang aktibong pakikiisa ng lahat upang matiyak na matagumpay na maisasagawa ang iba pang nakahanay na gawain dito bilang pakikiisa ng lalawigan sa naturang pambansang selebrasyon. ***LT IBASCO***



Gob. Edgardo A. Tallado

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 1, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE SETYEMBRE 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Camarines Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


Vinzons Shrine

# Sentenaryo ng kapanganakan ni 'Bintao' ipinagdiwang; kanyang katalinuhan, kadakilaan, kabayanihan ginunita



Ipinagdiwang ng Lalawigan ng Camarines Norte noong Setyembre 28, 2010 ang sentenaryo ó ika-100 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Wenceslao Q. Vinzons, Sr. *('Bintao')*, bayani at martir ng lalawigan. Ito ay nakatuon sa temang: *"Wenceslao Q. Vinzons: Exponent of Transformative Leadership"*.

Ang naturang selebrasyon dito ay susog sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2010-25 na ipinalabas kamakailan ni Gobernador Edgardo A. Tallado na nagtakda rin sa iba't-ibang aktibidad para sa naturang panlalawigang okasyon, at nag-atas sa lahat na mga kinauukulang opisyal at tanggapan na magbigay ng suporta at makilahok dito.

Ang programang paggunita dito noong Set. 28 ay sinimulan sa pamamagitan ng *flag raising ceremony* sa *Provincial Capitol Grounds* sa ganap na ika-8 ng umaga.

Ito ay sinundan ng angkop na programa sa *Provincial Capitol Main Lobby* kung saan nagbigay ng mensahe sina Gob. Tallado at Bise Gober-

(Sundan sa pahina 7)

# Gob. Tallado, Bise Gob. Pimentel pinangunahan ang 'torch parade'; mga opisyal at kawani ng mga pambansang ahensya, pamahalaang lokal, nakiisa

Matagumpay ang *torch parade* na isinagawa rito noong Lunes, Setyembre 6 sa ganap na ika-6:35 ng hapon na magkatuwang na itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at *Civil Service Commission Field Office (CSC FO)* na bahagi ng pagsisimula rito ng 1-buwang selebrasyon ng ika-110 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas na may temang: *"In a R.A.C.E. to Serve: Advancing Responsive, Accessible, Courteous and Effective Public Service"*.

Ang naturang parada na pinangunahan nina Gobernador Edgardo A. Tallado, Bise Gobernador Jonah G. Pimentel at *CSC Director II* Elizabeth B. Mateo ay nilahukan ng mga sumusunod na punong bayan mula sa labindalawang (12) bayan ng lalawigan na sina: Dominador S. Davocol Jr.-Basud; Senandro M. Jalgalado -Capalonga; Tito S. Sarion-Daet; Ricarte R. Padilla-Jose Panganiban; Dindo V. Pardo-Labo; Alexander L. Pajarillo-Mercedes; Romeo Y. Moreno-Paracale; Nelson P. delos Santos-San

(Sundan sa pahina 7)



